# Ang Iyong Anak ay Pumapasok sa KINDERGARTEN

## Tungkol sa mga Limang-Taong-Gulang

Ang iyong masayahing apat-na-taong-gulang ay lumaking mas kalmado at di-gaanong nabibiglang limang-taong-gulang. Ang mga limang-taong-gulang ay magiliw, masalita, at mapagmahal sa mga may sapat na gulang. Sabik silang bigyan ka ng kasiyahan, pero nadarama nila na lumalaki na sila at gustong ituring na mga batang handa na sa paaralan.

Alam ng mga limang-taong-gulang na ang mga nakasulat na salita ay may kahulugan. Maaari nilang makilala ang ilang letra at salita at magpanggap na nakakabasa at nakakasulat. Natutuwa silang basahan at kuwentuhan ng mga istorya. Gusto nila lalo na ang mga istoryang maraming aksiyon, paggalaw, at pag-uulit.

Ang mga limang-taong-gulang ay sabik na subukan ang kanilang kalayaan, pero kailangan nila ng patnubay mula sa tahanan upang matulungan silang itakda at intindihin ang mga limitasyon. Kailangan ng mga limang-taong-gulang ang mga palagiang ginagawa, kabilang ang gawaing maghahanda sa kanila para sa paaralan. Ang pagsisimula ng araw na kalmado at relaks sa bahay na may malusog na almusal ay tutulong sa kanila na magkaroon ng isang magandang araw sa paaralan. Ang pagpili ng mga damit at pag-aayos ng mga sandwich o meryenda sa gabi ay makakatulong na gawin ang mga umaga na hindi gaanong matensiyon.

## Anong mga kasanayan ang kailangan ng mga bata para magtagumpay sa paaralan?

Para sa atin na nag-aalala tungkol sa pagiging handa ng mga bata, mahalagang sila ay:

- Marunong makisalamuha, matiwasay ang damdamin, at malakas at nagkakatugma ang mga bahagi ng katawan.
- Nagagawang makipag-usap sa mga may sapat na gulang at sa iba pa, napapansin ang kaugnayan ng ilang letra ng nakasulat na wika at ang bawat tunog ng mga ito sa sinasalitang wika (halimbawa: ang letrang "m" ay gumagawa ng tunog na "mmmm") at nagpapakita ng hilig sa mga istorya, libro, at pagbabasa.
- Nagagawang makilala ang kaugnayan ng isang numero at ang daming kinakatawan nito, nakikilala ang mga huwaran (halimbawa: pag-uulit ng huwaran ng kulay sa gilid ng isang alpombra), nakakakilala ng mga hubog sa mga libro at sa kapaligiran (halimbawa: may mga tanda na kuwadrado), nakakapaglagay ng mga bagay sa isang partikular na hanay (halimbawa: pinakamalaki hanggang pinakamaliit).
- Alam ang kanilang kapaligiran/kapitbahayan, buhay ng hayop at halaman, gayon din ang mga papel ng mga tao sa kanilang mga pamilya at komunidad.
- Komportable sa indibidwal na pagkamalikhain at sa pagpapahalaga sa sariling pagpapahayag sa pamamagitan ng sining (halimbawa: gumagamit ng putik, pintura, pangmarka, atbp. na may layunin).

Dapat timbangin ng mga guro ng kindergarten ang bawat bata sa unang ilang linggo ng paaralan tungkol sa mga tagapagpabatid na nagpapakita ng mga kasanayan at kakayahan na makatwirang maaasahan sa mga batang nagsisimula sa kindergarten. Ang mga guro ay nagbibigay ng impormasyon tungkol dito sa pitong sukat ng pag-unlad: pag-unlad na personal at panlipunan, wika at karunungang bumasa't sumulat, pag-iisip na gumagamit ng matematika, siyentipikong pag-iisip, araling panlipunan, sining, at kaunlaran ng katawan at kalusugan. Mangyaring kausapin ang guro tungkol sa mga resulta ng iyong anak sa nakatakdang komperensiya ng magulang-guro sa tagsibol.



## May mga bagay na puwede mong gawin upang suportahan ang pag-aaral ng iyong anak sa kindergarten kabilang ang, pero hindi limitado sa:

### Kaunlarang Personal at Panlipunan

- **Bumuo ng plano para sa linggo.** Hayaan ang iyong anak na tulungan kang magplano ng lingguhang iskedyul ng mga oras at ginaganap, binibigyang-diin ang anumang bagay na hindi kasama sa inyong pangkaraniwang ginagawa. Ito ay tutulong sa kanya na maintindihan ang kaayusan ng mga bagay at magbibigay sa kanya ng seguridad na alam niya ang kanyang darating na iskedyul.
- **Mga Pagpili.** Hinihimok mo ang iyong anak na maghangad ng kalayaan kapag hinayaan mo siyang gumawa ng mga makatwirang pagpili at desisyon, tulad ng pagpili ng istoryang babasahin bago matulog o pagpili ng kard ng kaarawan para sa isang kamag-anak o kaibigan.

### Wika at Karunungang Bumasa't Sumulat

- **Paglalaro ng mga salita.** Maglaro ng larong pangalan na ginagamit ang pangalan ng iyong anak at tulungan siyang mag-isip at kilalanin ang mga salitang nagsisimula sa tunog na katulad ng unang letra ng kanyang pangalan. Humanap ng mga pagkakataon na kumanta, tumula, at gumawa ng mga pagtutugma ng mga salita.
- **Gumawa ng salansan ng kard ng salita.** Isulat ang mga salitang gustong basahin ng iyong anak, isa kada index card, nagdaragdag ng mga bagong kard habang natututo siya ng mga bagong salita. Himukin siya na pumili ng mga kard ng salita mula sa salansan kapag gusto niyong kumopya ng isang salita o magsanay ng pagbigkas ng isang natatanging bagong salita.
- **Kumuha ng dikta.** Mag-alok na tumulong na magdagdag ng istorya sa mga guhit ng iyong anak sa pamamagitan ng pagsusulat ng mga salitang sinasabi niya sa iyo. Hayaan siyang pakinggan kung paano mo binibigkas ang mga salita habang isinusulat mo ang mga letra para makita niya ang kaugnayan ng sinasalita at nakasulat na wika. Ang pagsasalita ng mga istorya ay isang mahalagang unang hakbang sa pagsusulat ng mga ito.
- **Gumanap ng isang papel o bahagi.** Matapos magbasa, magpanggap na isa sa mga tauhan at himukin ang iyong anak na umakto sa mga istorya na magkasama ninyong binabasa. Masiglang gampanan ang papel. Ang pag-uulit ng mga salita ng isang tauhan nang may diin ay hihimok sa iyong anak na maghangad ng kasanayan sa bandang huli kapag siya ay nagsisimulang magbasang mag-isa.

### Pag-iisip na Gumagamit ng Matematika

- **Magtipon ng mga bagay kasama ng iyong anak.** Magtipon ng mga grupo ng mga bagay, tulad ng mga takip ng sisidlan, buton, kadena ng susi, at pagsama-samahin ang mga ito na ginagamit ang iba-ibang tuntunin na pinili mo at ng iyong anak (halimbawa: malalaking bagay mula sa maliliit na bagay, mga takip mula sa mga sisidlan ng pagkain at mga takip mula sa mga sisidlan ng inumin).
- **Maging mga detektib ng mga huwaran.** Maghanap ng mga huwaran sa mga kasuutan, sa papel na pandingding, sa mga gamit sa pagkain, sa karpet.
- **Patuloy na magbilang.** Habang nagtatrabaho sa bahay kasama ng iyong anak, malakas na sabihin ang bilang ng mga medyas habang naglalaba, ang bilang ng mga patatas habang nagluluto ka ng hapunan. Lumutas ng mga problema, tulad ng, "Ilang kraker ang kailangan natin para magkaroon ng dalawa ang bawat isa sa kanilang sopas?"
- **Maghanap ng mga hubog kasama ang iyong anak.** Maghanap ng lahat ng hubog (triyanggulo, bilog, kuwadrado, atbp.) na makikita ninyo sa loob ng bahay o sa daan patungo sa tindahan.

### Siyentipikong Pag-iisip

- **Gamitin ang iyong mga pakiramdam tulad ng isang siyentista.** Himukin ang iyong anak na tumingin, umamoy, makinig sa at damhin ang mga bagay sa kapaligiran. Maglakad sa kakahuyan at pag-usapan ang mga bagay na mahahawakan, maaamoy, makikita, at maririnig ninyo.
- **Mamangha kasama ng iyong anak.** Hayaan ang iyong anak na marinig kang mamangha sa mga bagay na nakakaintriga sa iyo, tulad ng "Bakit kaya nakakakita tayo ng isang bahaghari sa mist mula sa pandilig ng halaman!" Magtanong sa iyong anak tungkol sa kanyang mga paliwanag sa pamamagitan ng, "Paano mo nalaman ito?" o, "Sabihin mo sa akin kung bakit ganyan ang iyong palagay." Himukin ang mga taong tulad ng iyong doktor, at tubero, at ang tekniko ng cable t.v.na bigyan ang iyong anak ng mga paliwanag sa mga katanungan na magagawa niyang maintindihan.

### Araling Panlipunan

- **Magkakaibang tuntunin sa magkakaibang lugar.** Kausapin ang iyong anak tungkol sa kung paano puwedeng magbago ang mga tuntunin sa pagkilos depende kung nasaan ka, tulad ng pagkilos sa dulaan at pagkilos sa paligsahan sa larong bola.
- **Ituro ang mga manggagawa sa komunidad.** Kausapin ang iyong anak tungkol sa mga papel ng mga tao na tumutulong sa iyong pamilya, tulad ng tagakulekta ng basura, mga empleyado ng tanggapan ng koreo, ang mga klerk ng tindahan ng groseri.

### Ang Sining

- **Itaguyod ang pagkamalikhain.** Maghanda ng mga gamit sa sining (mga krayola, pangmarka, papel, gunting) at himukin ang iyong anak na ipahayag ang kanyang mga ideya at damdamin sa mga paraang malikhain. Himukin ang iyong anak na magsalita tungkol sa kanyang mga nilikha ("Sabihin mo sa akin ang tungkol sa iyong larawan.") Bigyan siya ng mga papel at materyal sa pagtatayo, tulad ng mga bloke at laruan para sa pagbubuo.
- **Magkasamang gumawa at makinig ng musika.** Kantahan siya sa kotse, gumawa ng instrumento, pumalakpak sa tono, sumayaw, magpatugtog ng iba-ibang nakarekord na musika at mag-usap tungkol sa iba-ibang tunog. Manood ng palabas o pumunta sa isang konsiyerto.

### Kaunlaran ng Katawan at Kalusugan

- **Humimok ng aktibidad.** Bigyan siya ng pagkakataong maglaro araw-araw sa kapitbahayan, sa inyong looban, sa parke, o sa isang organisadong palakasan o programang pagkilos.
- **Mag-ayos ng mga paraan para makatulong ang iyong anak.** Pagawain siya ng mga gawaing-bahay kung saan magagamit niya ang kanyang mga kamay, tulad ng pagtatalop ng mga gulay, pagbuhos ng katas, pagbasag ng mga itlog, at paghahalo ng jello.